

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuarter 3

Aralin

7

PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8
Kuarter 3: Aralin 7 (Linggo 7)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon..

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

Tagasuri:

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

VALUES EDUCATION / KUWARTER 3/ BAITANG 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa na ang Pilipino ay kapuwa mamamayan ng daigdig.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig upang malinang ang pakikiisa.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Nakapagsasanay sa pakikiisa sa pamamagitan ng wastong pakikitungo sa ibang lahi kung may pagkakataon o pakikisangkot sa mga pandaigdigang gawain na nagsusulong ng kabutihang panlahat. - Natutukoy ang mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig. - Nahihinuha na ang mga Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig ay may katangi-tanging paraan ng pagkalinga sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng lahi at may kakayahang makiisa sa mga pandaigdigang gawain na nagsusulong ng kabutihang panlahat. - Naipakikita ang mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig.
C. Nilalaman	Ang Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig - Mga Katangian ng Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig - Natatanging Paraan ng mga Pilipino sa Pagkalinga sa Kapuwa at Pagtaguyod ng Pandaigdigang Pagkakaisa Tungo sa Kabutihang Panlahat
D. Lilinanging Pagpapahalaga	Pakikiisa (<i>Cooperation</i>)
E. Integrasyon	

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- 10 steps to becoming a global Citizen. (2014, December 2). Kosmos Journal. <https://www.kosmosjournal.org/other-article/10-steps-to-becoming-a-global-citizen/>
- CS Global Partners. (2024, January 31). *What is Global Citizenship?* | CS Global Partners. CS Global Partners Limited. <https://csglobalpartners.com/resources/what-is-global-citizenship/>
- Fleischner, N. (2015, December 3). *What a viral photo tells us about poverty and volunteerism*. Global Citizen. <https://www.globalcitizen.org/en/content/the-picture-that-launched-a-thousand-memes-on-pove/>
- Gutlay, C. (n.d.). *GED105_M3.3.docx*. Scribd. <https://www.scribd.com/document/575651333/GED105-M3-3-docx>
- Hofstede, G. (2011). Dimensionalizing cultures: The Hofstede model in context. *Online Readings in Psychology and Culture*, 2(1). Retrieved from <https://doi.org/10.9707/2307-0919.1014>
- Kausche, K., O'Hare, J., & Hitchings-Hales, J. (2017, March 11). *These 6 Global Citizens are Dedicated to Improving the World*. Global Citizen. <https://www.globalcitizen.org/en/content/global-citizens-around-the-world-germany/>
- Macdougall, J. (2011, December 20). *COLE 66-year-old anti-Nazi activist Irmela Mensah-Schramm sprays*. . . Getty Images. https://www.gettyimages.com/detail/news-photo/year-old-anti-nazi-activist-irmela-mensah-schramm-sprays-news-photo/136021054?et=kyWoNc_lRw94ej3ErM_b1w&referrer=https%3A%2F%2Fwww.globalcitizen.org%2F
- Oxfam GB | *What is Global Citizenship?* (n.d.). Oxfam GB. <https://www.oxfam.org.uk/education/who-we-are/what-is-global-citizenship/>
- Pellegrino, E. D., & Thomasma, D. C. (1993). *The virtues in medical practice*. Oxford University Press.
- Reisch, M. (2019). *Social justice: Concepts, challenges, and strategies*. Oxford University Press.
- 'We are Filipinos, we do bayanihan, we help each other': undocumented migrants in the Netherlands during COVID. (2021, May 6). LSE COVID-19. <https://blogs.lse.ac.uk/covid19/2021/05/06/we-are-filipinos-we-do-bayanihan-we-help-each-other-undocumented-migrants-in-the-netherlands-during-covid/>
- Menguin, J. (2024, April 22). *Bayanihan: Culture that turns ordinary Filipinos into heroes*. Leadership Excellence With Jef Menguin. <https://jefmenguin.com/bayanihan/>
- Mike Hanopol - Topic. (2022, January 13). *Sa bayan ni Juan* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=xOroeUembVU>
- Universal Declaration of Human Rights. (1948). Retrieved from <https://www.un.org/en/about-us/universal-declaration-of-human-rights>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA SA GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	1. Maikling Balik-aral Magbalik-aral sa paksang pangangalaga sa mga hayop. Itanong sa klase ang sumusunod. a. Ano-ano ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop katuwang ang kapuwa na natalakay? b. Bakit mahalagang alagaan ang mga hayop? c. Paano mo ipinapakita ang pangangalaga sa mga hayop? Ang pag-aalaga sa mga hayop ay mahalaga dahil kinikilala natin na sila ay kapuwa nating nilalang na may karapatang mabuhay dito sa mundo. Ito ay nagpapatunay na lahat ng bagay ay magkaugnay, gaya ng lahat ng tao sa mundo. Magkakaiba man ang ating mga tirahan, tayo ay nabubuhay na magkakaugnay at nagtutulungan. Ito ang konsepto ng <i>global citizenship</i>.	
	1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Meme mo, meme ko! Pagmasdan at suriin ang larawan Itanong: a. Para sa iyo, ano ang nais ipahiwatig ng larawan? b. Kung batang pinoy ang nasa larawan, ano sa palagay mo ang sasabihin o iisipin niya? Gawan ng meme ang larawan. Gawing halimbawa ang nasa ibaba.	

	Paano maiuugnay ang larawan sa konsepto ng pagiging mamamayan sa mundo (<i>global citizenship</i>)? Ipaliwanag na sa araling ito matututuhan ang konsepto ng pagiging mamamayan sa mundo (<i>global citizenship</i>) sa pananaw ng isang Pilipino. Matututuhan din ang mga katangian at pagpapahalaga ng mga Pilipino na magtataguyod sa pandaigdigang pagkakaisa at kabutihang panlahat. 2. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin Gamit ang <i>cellphone</i>, magsaliksik sa <i>internet</i> ng kahulugan ng mga salita at ibahagi ito sa klase. Mamamayan ng mundo (<i>global citizenship</i>): _____ Karapatan: _____ Katarungang Panlipunan: _____ Kultura: _____ Responsibilidad: _____	Paghawan ng Bokabularyo Maaari itong gawin na pangkatang gawain lalo kung hindi lahat ng mag-aaral ay may <i>cellphone</i> at <i>internet connection</i>. Kung hindi ito maisasagawa dahil may limitasyon sa teknolohiya, ang mag-aaral ay maaaring magbigay ng kanilang pansariling pang-unawa sa salita. Sagot: • Mamamayan ng mundo (<i>global citizenship</i>): isang taong may kamalayan, bihasa, at nakakaunawa sa mas malawak na mundo. • Karapatan: tumutukoy sa mga kalayaan at pribilehiyo na kinikilala at ipinagkakaloob sa bawat indibidwal sa ilalim ng batas. Ang mga karapatan ay maaaring natural, tulad ng karapatang mabuhay, o legal, tulad ng karapatang bumoto. Ang mga ito ay mahalaga upang mapangalagaan ang dignidad at kalayaan ng bawat tao. • Katarungang panlipunan: tumutukoy sa pagkakapantay-pantay at makatarungang pamamahagi ng yaman, pagkakataon, at mga pribilehiyo sa loob ng isang lipunan. Ito ay naglalayong alisin ang mga hadlang na nagiging sanhi ng diskriminasyon at pagkakaiba-iba sa kalagayan ng mga tao
--	--	--

		batay sa lahi, kasarian, relihiyon, at iba pang salik. • Kultura: tumutukoy sa kabuuan ng mga kaugalian, paniniwala, sining, batas, at iba pang anyo ng kaalaman at gawi na naglalarawan sa isang partikular na grupo o lipunan. Ito ay nagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang grupo ng tao at nag-aambag sa kanilang pananaw sa mundo at pakikitungo sa iba. • Responsibilidad: tumutukoy sa tungkulin o obligasyon ng isang tao na magsagawa ng isang partikular na gawain o mag-asikaso ng isang bagay. Ang responsibilidad ay nagmumula sa mga inaasahan ng lipunan, legal na batas, o moral na prinsipyo na nakatuon sa pagtataguyod ng kabutihan at kaayusan sa komunidad.
C. Paglinang at Pagpapalalim	Kaugnay na Paksa 1: Mga Katangian ng Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig 1. Pagproseso ng Pag-unawa Pandaigdigang Pagkamamamayan at Mamamayan ng Mundo Ang pandaigdigang pagkamamamayan ay ang pagkilala at pagtanggap sa ideya na lahat ng tao ay magkakaugnay na kasapi ng pandaigdigang komunidad. Ito ang pagkilala sa ating responsibilidad na mag-ambag sa kapakanan ng iba at pagkilala sa halaga ng pagkakaiba-iba at pagkakaiba sa kultura. Ang pagiging isang pandaigdigang mamamayan ay nangangahulugan ng pagiging mulat sa mga isyu na	

nakakaapekto sa sangkatauhan sa kabuoan, at paggawa ng mga aksyon ng mga indibidwal upang matugunan ang mga ito.

Nakikita ng mga pandaigdigang mamamayan ang kanilang sarili bilang may partikular na mga karapatan at responsibilidad sa mundo, sa halip na sa isang bansa lamang. Nilalayon nilang pagbutihin ang kanilang sariling bansa ngunit umaasa rin silang tumulong sa ibang mga bansa. Bilang mga mamamayan ng mundo, naniniwala sila na ang mga responsibilidad ay lampas sa mga hangganan at hindi limitado sa kanilang sariling mga bansang pinagmulan.

Mga Katangian ng Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig

May mga inaasahang katangian ang isang mamamayan ng daigdig. Suriin ang listahan sa ibaba. Gamit ang 2 hanay, lagyan ng markang *check* (✓) kung ang katangian ay angkop sa pagiging mamamayan ng daigdig at kung nakikita itong katangian ng mga Pilipino at ekis (x) naman kung hindi.

	Katangian	Mamamay an ng Daigdig	Nakikita sa Pilipino
1	Iginagalang ang kultura, kasarian, pananampalataya at iba pang pagkakaiba		
2	Mulat sa mas malawak na mundo hindi lang ang sarili		
3	Nauunawaan ang mga responsibilidad bilang mga miyembro ng pandaigdigang komunidad		
4	Pagboluntaryo para sa serbisyo sa komunidad		
5	Pagiging maingat tungkol sa kung paano nakakaapekto ang ating mga lokal na aksyon sa mas malawak na mundo.		
6	Pagmamahal sa kanilang sariling bayan		
7	Pagmamalasakit sa pamilya		
8	Pagpursige para sa ikabubuti ng sarili		
9	Pananatiling may kaalaman tungkol sa mga pambansa at pandaigdigang isyu		

Mga kasagutan:

- 1 ✓
- 2 ✓
- 3 ✓
- 4 ✓
- 5 ✓
- 6 ✓
- 7 ✓
- 8 x
- 9 ✓
10. ✓

10

Pagsasakilos ng mga tungkulin sa pagprotekta sa planeta para sa isang napapanatiling hinaharap (*sustainable future*)

Itanong:

1. Alin sa mga may markang ✓ ang taglay mo?
2. Masasabi mo bang ang mga Pilipino ay may katangian ng isang mamamayan ng daigdig? Pangatwiran.
3. Bilang isang kabataan, paano mo pinaghahandaan ang iyong gampanin sa mundo?

IKALAWANG ARAW

2. Pinatnubayang Pagsasanay

Ipabasa mula sa Sagutang Papel ang kuwento ng isang lola na si Irmela Mensah-Schramm: Ang "*sprayer granny*" mula sa Berlin.



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Kundgebung_%22Kein_Hanschlag_mit_Faschist*innen%22_Bundkanzleramt_Berlin_08.02.2020_%2849509750612%29.jpg

Ang 70-taong-gulang na Berliner na si Irmela Mensah-Schramm ay hindi bumabagal sa kaniyang buhay. Sa loob ng higit sa 30 taon, siya ay nasa mga lansangan ng Berlin, sinusubukang labanan ang rasista at *misogynist* na mapoot na pananalita. Si Irmela ay nakapagtanggal ng higit sa 75,000 dulong kanang mga sticker at nagpinta o nag-spray sa daan-daang *graffiti*. Dahil walang dapat harapin ang anumang bagay na tulad nito. Hindi na.

	Kahit na karamihan sa mga tao ay napaka-<i>supportive</i> pagdating sa "<i>sprayer granny</i>" ng Berlin, kailangan niyang pumunta sa korte noong nakaraang taon. Ang dahilan: paninira. Nag-<i>spray</i> si Irmela sa mapoot na <i>graffiti</i> ngunit tinakpan din nito ang dingding sa likod nito. Binalaan siya ng korte na kailangan niyang magbayad ng multa na 1,800 <i>euro</i> sakaling magpasya siyang kumuha muli ng <i>spray can</i>. Ngunit sinabi ni Irmela na mas gugustuhin niyang makulong kaysa itigil ang pag-alis ng <i>racist hate-speech</i> mula sa mga lansangan. Tinanong ng pahayagang Aleman na 'Tagesspiegel' si Irmela kung bakit ginugugol niya ang kaniyang buhay sa pag-alis ng gayong propaganda. Ang kaniyang sagot ay simple ngunit makapangyarihan: "Dahil noong Nazi-Germany napakakaunting tao ang nagsalita o gumawa ng isang bagay. Hindi na natin mababago iyon. Ngunit hindi na dapat—dapat nating ingatan na hindi na mauulit ang ganoong bagay. Kailangan nating gumawa ng isang bagay laban sa poot na tila lumalagong muli kamakailan." Pamprosesong katanungan: Talakayin sa klase ang kasagutan sa mga katanungan. 1. Ano ang mga katangiang ipinakita ni Lola Irmela? 2. Sa paanong paraan ipinakita ni Lola Irmela ang pagiging mamamayan ng daigdig kahit ang ginagawa niya ay sa Germany lamang? 3. Ano ang maaaring maging epekto ng pagpapahayag ng poot na siyang nais iwasan ni Lola Irmela? 3. Paglalapat at Pag-uugnay Pinoy sa Mundo! A. Pangkatin ang klase nang may 4 na kasapi. Magpasaliksik ng isang bayani, napapanahong lider, o natatanging Pilipino na nagpapakita ng katangian ng isang mamamayan sa daigdig. Ang bawat pangkat ay mag-uulat ng kanilang mga natuklasan na nagpapakita kung paano nag-ambag ang mga Pilipino sa pandaigdigang komunidad. B. Sabihan ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kanilang sariling mga katangian at aksyon at kung paano sila makatutulong sa pagiging mas mabuting mamamayan	Pinoy sa Mundo! Maaaring magpasaliksik ng mga bayani at maaari ring maghanda ng pangalan ng mga bayani, mga napapanahong lider, o natatanging Pilipino na nagtataglay o nagpapakita ng mga pagpapahalaga ng isang mamamayan ng daigdig at nakikibahagi sa pandaigdigang pakikiisa.
--	---	--

	sa buong mundo. Magpasulat sa kanila ng mapanimdim na sanaysay (<i>reflective essay</i>) tungkol sa personal na pangakong pauunlarin ang mga katangiang ito. IKATLONG ARAW Kaugnay na Paksa 2: Natatanging Paraan ng mga Pilipino sa Pagkalinga sa Kapuwa at Pagtaguyod ng Pandaigdigang Pagkakaisa Tungo sa Kabutihang Panlahat 1. Pagproseso ng Pag-unawa Bilang isang tao na nakakaunawa sa pagkakaugnay, nirerespeto at pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba, tayo ay may kakayahang humamon sa kawalan ng katarungan, at kumilos sa mga personal na makabuluhang paraan. Bilang mga pandaigdigang mamamayan, mayroon tayong kolektibong responsibilidad na mas maunawaan ang mundo sa labas ng ating sariling mga hangganan, protektahan at pangalagaan ang mga karapatang pantao sa lahat ng dako, at hamunin ang kawala ng katarungan saanman ito mangyari. Ayon kay Margaret Mead (1901-1978), huwag kailanman mag-alinlangan na ang isang maliit na grupo ng maalalahanin, nakatuong mga mamamayan ay maaaring baguhin ang mundo; sa katunayan, ito ang tanging bagay na mayroon tayo. Kilos ng Isang Global Citizen • Kumilos upang mapabuti ang kondisyon sa pamamagitan ng bolunterismo at serbisyo • Hinahamon ang kawalan ng katarungan • Nakikibahagi sa sibikong tungkulin (indibidwal at sama-sama) • Nagtatatag ng mga layunin para sa pagkuha ng kaalaman • Sinusuri ang epektibong aksyon upang mas mabuti ang aksyon sa hinaharap • Tumutulong sa iba sa lokal na pamayanan at sa buong mundo	Mga Halimbawa: • Jose Rizal • Ang Pilipina nars na nagbigay ng unang bakuna para sa COVID-19 sa mundo.
--	---	---

	• Inaako ang responsibilidad para sa mga aksyon 2. Pinatnubayang Pagsasanay Patugtugin o awitin ang kantang Sa Bayan ni Juan at pagkatapos ay suriin. Sa Bayan ni Juan Dito sa bayan ni Juan may isang kaugalian, isang daing sa kapitbahay, buong bayan dumaramay. Dito sa bayan ni Juan may mga kalalakihan, sa oras na kailangan, bumubuo ng bayanihan. Bayanihan dito sa bayan ni Juan, isang daing mo lamang, ikaw ay tutulungan. Bayan ni Juan, uso ang bayanihan. Lahat sila'y kasali, d'yan mo mapupuri. Huwag magtaka kung meron kang makita, bahay na lumalakad sa gitna ng inyong kalsada. Huwag ka magtataka kung meron kang makita, bahay na lumalakad sa gitna ng inyong kalsada. Pamprosesong katanungan: Talakayin sa klase ang kasagutan sa mga katanungan. 1. Ano ang konsepto o mensahe na nais iparating ng awitin? 2. Ano ang halimbawa o situwasyon na nagpapakita ng bayanihan? 3. Ano ang mga pagpapahalagang naipapakita sa bayanihan? 4. Paano makakatulong ang mga pagpapahalaga ng bayanihan sa pagtaguyod ng pandaigdigang pagkakaisa tungo sa kabutihang panlahat? 3. Paglalapat at Pag-uugnay “Do it the Pinoy Way” Hatiin ang klase sa mga pangkat na may apat na kasapi. Ang dalawa sa kanila ay mananaliksik ng suliranin kaugnay sa isang pandaigdigang isyu at ang epekto nito sa ibang bansa. Ang dalawa naman ay mananaliksik ng mga solusyon o mga gawain na likas sa Pilipino na makakatulong sa paglutas ng suliraning nasaliksik	Sa Bayan ni Juan Kung may internet, maaaring pakinggan ang awitin ni Mike Hanopol na <i>Sa Bayan ni Juan</i> sa YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=xOroeUembVU Kung wala naman, maaaring iparinig ang <i>audio</i> at isulat sa manila paper o maghanda ng <i>printed</i> na kopya ng awitin. Mga mungkahing <i>global issue</i> ay pagkasira ng kalikasan, kahandaan sa mga sakuna, kahirapan, at iba pa.
--	--	--

	ng mga kapangkat. Ibabahagi sa klase ang mga nasaliksik sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan. IKAAPAT NA ARAW Ilaan ang unang bahagi ng ikaapat na araw para sa pag-uulat o pagbabahagi ng kanilang mga nasaliksik na isyu at suliranin. Pamprosesong katanungan: 1. Ano ang pinakamalaking global na isyu na inyong nasaliksik? 2. Paano ito nakakaapekto sa ating bansa at sa ibang bansa? 3. Sa iyong palagay, magiging epektibo ba ang mga Pinoy na solusyon o mga gawain kung gagamitin sa ibang bansa? Pangatwiran ang sagot.	
D. Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto 1. Ano ang mga katangian ng mga Pilipino tungo sa pandaigdigang pagkakaisa? 2. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malasakit sa kapuwa bilang isang mamayan ng daigdig? 3. Ano ang maaaring gawin ng bawat Pilipino upang makatulong sa pandaigdigang pagkakaisa? 2. Pagninilay sa Pagkatuto Ano ang personal na mensahe ng paksang ito tungkol sa pagiging Pilipino mo at bilang mamamayan ng daigdig?	

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit Unawain ang bawat tanong at piliin ang titik ng pinakatamang kasagutan. 1. Ano ang papel ng Pilipino sa pandaigdigang pagkakaisa? a. Pagtutok sa mga global na isyu b. Pagtaguyod ng kapayapaan at karapatang pantao c. Pagsali sa mga pandaigdigang organisasyon d. Pagpapalaganap ng sariling kultura at tradisyon	Mga kasagutan: 1. b 2. d 3. c 4. d 5. b

	2. Ano ang isa sa mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig? - Pagiging mapagkumbaba - Pagiging matapang - Pagiging malikhain - Pagiging matulungin 3. Sino sa sumusunod ang nagpapakita ng katangian ng isang Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig? - Si Ana, na tumutulong sa mga lokal na proyekto ng kaniyang barangay at nag-oorganisa ng mga <i>webinar</i> tungkol sa <i>sustainable development</i>. - Si Ben, na aktibong sumusuporta sa mga kampanya para sa karapatang pantao at kapayapaan sa iba't ibang bansa, at tumutulong sa mga internasyonal na <i>relief operations</i>. - Si Carlos, na tumututok sa pag-unlad ng sariling negosyo at nagbibigay din ng donasyon sa mga pandaigdigang organisasyon. - Si Dina, na nagpo-<i>promote</i> ng sariling kultura sa <i>social media</i> at sumasali sa mga pandaigdigang diskusyon tungkol sa pagkakaintindihan ng iba't ibang kultura. 4. Ang layunin ng pandaigdigang pagkakaisa ay - magkaroon ng iisang kultura sa buong mundo. - magkaroon ng iisang relihiyon sa buong mundo. - magkaroon ng iisang pamahalaan sa buong mundo. - magtulungan ang mga bansa para sa kapakanan ng lahat. 5. Mahalagang magmalasakit sa kapuwa dahil - nagiging masaya ang buhay. - nagkakaroon ng magandang relasyon sa ibang tao. - nawawala ang kahirapan sa lipunan. - nagkakaroon ng pagkakaisa sa buong mundo. 5. Ano ang maaaring gawin ng bawat Pilipino upang makatulong sa pandaigdigang pagkakaisa? - Mag-aral ng iba't ibang wika - Sumali sa mga pandaigdigang proyekto	
--	--	--

	c. Magtayo ng sariling negosyo d. Magbigay ng tulong sa mga nangangailangan			
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.
	Estratehiya			
	Kagamitan			
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral			
	At iba pa			
C. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba? Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.